Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG MARSO 30, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Jun M. Asinas | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | PANG. PUNONG BAYAN<br>nasa lakad-opisyal |
| Kgg. Ramon D. Tan | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 090-T2009**

**KAPASIYAHANG INILILIWAT SA KAGAWARAN NG EDUKASYON (DEPARTMENT OF EDUCATION) ANG KAPASIYAHAN BLG. 15-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN JUAN, SANTA CRUZ, LAGUNA PARA SA PAGKAKAROON NG SARILING MABABANG PAARALAN ANG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng Kgg. Sangguniang Bayan, Santa Cruz, Laguna ang Kapasiyahan Blg. 15-T2009 ng Kgg. Sangguniang Barangay San Juan na naglalayong magkaroon ito ng sariling mababang paaralan na siyang pangunahing pangangailangan ng barangay;

**SAPAGKA'T**, may lupang pag-aari ang nabanggit na barangay na maaaring pagtayuan ng gusaling pampaaralan;

**SAPAGKA'T**, ang kapakanan ng mga mamamayan, lalo na ng mga kababayan ang isa sa mga pangunahing adhikain at pananagutan ng pamahalaang bayan, maging ng pamahalaang nasyunal.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat (Tagapamuno ng Lupon sa Edukasyon), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Romulo A. Elca at John Carlos C. delos Reyes at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Iliwat sa Kagawaran ng Edukasyon (Department of Education) ang Kapasiyahan Blg. 15-T2009 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng San Juan, Santa Cruz, Laguna para sa pagkakaroon ng sariling mababang paaralan ang nabanggit na barangay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagawaran ng Edukasyon, Kgg. Punong Bayan, at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

ORIGINAL SIGNED
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: ORIGINAL SIGNED
**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY: ORIGINAL SIGNED
**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan

Republic of the Philippines
Province of Laguna
**MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ**
Cailles Street, Poblacion III, Santa Cruz, Laguna
Telephone Number - (049) 808-1008

## OFFICE OF THE MAYOR

**1st Endorsement**
April 13, 2009

4-13-09

Respectfully forwarded to the Honorable Members of the **SANGGUNIANG BAYAN**, thru **Ms. Jeanette P. Alfonso**, *Secretary*, the herewith attached **Kapasiyahan Blg. 091 - T' 2009**, duly approved by the undersigned.

**ARIEL T. MAGCALAS**
Municipal Mayor